# Kataga ng Buhay

Marso 2020

**"Kaya gawin ninyo sa inyong kapwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo.**
**Ito ang kahulugan ng Kautusan ni Moises at ng turo ng mga propeta."**

(Mt 7:12)

Gaano kalimit tayo gumagamit ng isang "compass" sa pagkakataong kailangan tayong gumawa ng mahahalagang pasya sa buhay upang matiyak na tama ang gagawin nating pagpili? Bilang mga Kristiyano, gaano kalimit nating tanungin ang ating sarili kung ano ang pinakamahalagang mensahe ng Ebanghelyo ngayon, ang susi upang makapasok sa puso ng Diyos at mabuhay bilang Kanyang mga anak.

Ang mga katagang ito ni Hesus ay malinaw na tugon, madaling unawain at isabuhay. Hango ito sa Ebanghelyo ni Mateo at bahagi ng dakilang Homilya sa Bundok na naglalaman ng mga turo ni Hesus kung paano ganap na isabuhay ang buhay Kristiyano. Ang mga turo Niya ay nakapaloob sa mga katagang ito.

Sa panahon natin ngayon, kailangan natin ng maigsi subalit makabuluhang mga mensahe: maaari nating tanggapin ang Katagang ito bilang isang mahalagang 'tweet' na mamamalagi sa ating isipan.

**"Kaya gawin ninyo sa inyong kapwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo.**
**Ito ang kahulugan ng Kautusan ni Moises at ng turo ng mga propeta."**

Upang higit na maunawaan pa kung ano ang dapat gawin sa kapwa, inaanyayahan tayo ni Hesus na ilagay ang ating sarili sa kinalalagyan ng kapwa; ito ang Kanyang ginawa noong inangkin Niya ang ating pagiging tao dahil sa pagmamahal sa atin.

Tanungin natin ang ating sarili kung ano ang ating inaasahan sa ating mga magulang, mga anak, kasama sa trabaho, mga politiko at lider ispirituwal. Batid natin na nais natin na tayo'y tanggapin, pakinggan, maging bahagi nila at tulungan sa ating mga materyal na pangangailangan. Bukod dito, nais din natin ng katapatan, pagpapatawad, mabigyan ng lakas at pag-asa, tiyaga, payo, gabay at edukasyon… Para kay Hesus, ang ganitong kalooban kasama ng pagkilos ang kaganapan ng lahat ng Batas ng Diyos at kayamanan ng buhay ispiritwal.

Ito ang "Gintong Batas", ang pangkalahatang aral na napapaloob sa iba't-ibang kultura, relihiyon at mga kaugalian na nabuo ng sangkatauhan sa loob ng mahabang panahon. Ito ang pundasyon ng lahat ng tunay na makataong pagpapahalaga at bumubuo ng mapayapa, makatarungan at nagkakaisang pamayanan na may ugnayang personal at panlipunan.

**“Kaya gawin ninyo sa inyong kapwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo.**
**Ito ang kahulugan ng Kautusan ni Moises at ng turo ng mga propeta.”**

Hinihimok tayo ng Katagang ito na maging mapanlikha at may bukas-loob, maunang kumilos para sa ikabubuti ng bawat isa at bumuo ng mga ugnayan kahit na sa mga taong hindi natin itinuturing na kaibigan. Ito mismo ang sinabi ni Hesus at Kanya ring ginawa. Hinihingi nito na lampasan natin ang sarili upang tunay na magpatotoo sa ating pananampalataya.

Ito rin ang paghihimok na ginawa ni Chiara Lubich nang sinulat niya: “Subukan natin. Ang isang araw na pagsasabuhay nang ganito ay katumbas ng buong buhay… Mapupuno tayo ng kaligayahang hindi pa natin kailanman naranasan… Ang Diyos ay makakapiling natin dahil naroon Siya sa mga nagmamahal… Minsan ay maaaring bumagal tayo at mawalan ng lakas at matuksong tumigil… Ngunit huwag! Huwag tayong mawalan ng pag-asa! Binibigyan tayo ng Diyos ng biyaya upang lagi tayong makapag-simulang muli. Kung tayo ay magsisikap, makikita natin ang unti-unting pagbabago ng mundo sa ating paligid. Mauunawaan natin na dahil sa Ebanghelyo, nagiging kahali-halina ang ating buhay. Dulot nito ang liwanag sa mundo, nagbibigay ng kulay sa ating buhay bukod sa pagbibigay ng solusyon sa lahat ng problema. At hindi tayo mapapayapa hangga’t hindi natin naibabahagi itong di-pangkaraniwang karanasan sa ibang tao - sa mga kaibigan na nakakaunawa sa atin, sa mga kamag-anak, at kaninuman na nararamdaman nating dapat nating bahaginan. Muling bubukal ang pag-asa.”

**“Kaya gawin ninyo sa inyong kapwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo.**
**Ito ang kahulugan ng Kautusan ni Moises at ng turo ng mga propeta.”**

Si Ramiro ay isa sa mga pinakamatagal na manggagawa sa kanyang grupo. Narinig niya na may mga bago siyang makakasama sa kanilang opisina.

Tinanong niya ang sarili, “Kung ako ang papasok sa opisinang ito sa unang pagkakataon, ano kaya ang nais kong matagpuan? Ano ang makakatulong upang mapalagay ang aking kalooban?” Sinimulang niyang ayusin ang opisina upang bigyang-lugar ang mga dadating at hinimok din niya ang iba pa niyang kasamahan na humanap ng iba pang mesang sulatan. Nagtulong-tulong sila upang lumikha ng bago at kaaya-ayang opisina upang sa pagdating ng mga baguhan ay matagpuan nila ang maayos na kapaligiran at isang nagkakaisang komunidad.

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare: www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com • Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812